

KIAN


KAWASAKI
INTERNATIONAL
ASSOCIATION
NEWS

KAMUSTA KAWASAKI

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

Eksibisyon sa Museo ng mamamayan 238

市民ミュージアム写真展



Kasabay ng pag-unlad ng Lungsod ng Kawasaki, sa loob ng limampung taon na patuloy na pagkuha ng larawan ni G. Ou Koike narito na ang museo ng mga larawang pinamagatang "Kawasaki no Ayumi 50 taon " at ito ay gaganapin sa Citizen Hall.


Si ginoong Koike ay kasalukuyang naninirahan sa ward ng Miyamae. May 60 taon na siyang naninirahan sa Kawasaki, sa ngayon ay 72 taong gulang na. Siya ay nakilala sa kanyang mga kinuhang larawan tungkol sa puntod at ang mga report ng mga na-obsorbahan nito. Naging abala din siya sa pagkuha ng larawan ng kasaysayan at kultura ng Kawasaki. Ipapamalas sa pagtatanghal na ito ang mga piling-piling seleksyon mula sa isandaang milyong piraso ng larawang likha mula tag-sibol ng 1995 taon. May 170 tabas at lahat ay yari sa monochrome digital camera na inimprenta sa piling printing paper. Ilang dekada rin ang kabilang sa likhang ito saklaw ang Kawasaki at Asao ward. Libre para sa may edad 65 at mga mag-aaral na nasa mababang paaralan 300yen sa mga hayskul at 500yen sa mga pangkaraniwang mamamayan hanggang May 7. Paraan ng pagpunta sa lugar ng museo: Mula sa Toyoko line at Nambu line ng istasyong Musashi Kosugi, (hilaga) kitaguchi ay 10minuto pagsakay ng bus. Bukas ito ng ika-9:30 hanggang alas 5:00 ng hapon, maaaring pumasok hanggang 4:30 ng hapon.

Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Kawasaki Shimin Museum 044-754-4500.

Pelikula ni G. Soichiro Asano

「浅野総一郎」映画制作

239



Si Ginoong Soichiro Asano, Tinaguriang ama ng industriya sa Keihin, isang mangangalakal na nagtamo ng tagumpay sa larangan ng semento, isasa-pelikula na ang buhay nito mula pa noong buwan ng Marso. Ang pelikula ay mula sa opisina ng mga pelikula sa Saiwai 「Sazanami」 isang nagsasariling produksyon. Ang pamagat ay: "Soichiro Asano Kyuten juki no Otoko". Ang manunulat na si Junko Nitta, naninirahan sa Miyamae-ku ang nagdala ng usaping isa-pelikula ang kasaysayan ng buhay ni G. Asano kay direktor ng pelikulang si G. Toru Ichikawa. Nagkataon namang si Direktor

Ichikawa ay isa sa mga nagtapos sa pinagawang Paaralan ng Asano. Tinanggap niya ang hamon matapos basahin ang orihinal na akda at nagka-interes siyang isa-pelikula ito. May apatnalibong milyong yen (4senmanyen) ang budget ng pagsasa-pelikula nito

Ang pelikula ay naglalaman ng kasaysayan ni G. Asano mula nang ipanganak siya sa Yabutamura, Notohanto na sa ngayon ay Himishi noong 1848. Isa siyang miyembro ng pamilyang duktor ng bayan at sa edad na 15 nag-umpisa siyang mangalakal ngunit sunod-sunod ang pagkalugi at pagbagsak nito, sa kabila ng pagkalubog nito ng utang sa edad na 24 ay naisipan niyang makipagsapalaran sa Siyudad. Nag-umpisa siya sa pag-uuling at recycle habang nakikipagtulungan siya sa pamamahala ng gobyerno ng paktorya ng semento ng Fukagawa.

Si G. Asano ay nagsilbing tagapamahala ng Fukagawa Cement, kasunod nito ang Asano Cement, Gentaiheiyo Cement at ang pagawaan ng Barko, Nihon Koukan, JFE steel at iba pa kung saan siya ay bukod tanging bayani sa pagpapaunlad ng kalakalan ng Kawasaki. Si G. Asano ay pumanaw noong 1930. Ang Pelikula ay kuha sa kapanganakang bayan ni G. Asano, sa kooperasyon ng Himishi, Toyama at ito ay inaasahang matatapos sa buwan ng Mayo.



Pagbubukas ng pasilidad pang-kultura

(ラ・ゾーナ川崎プラザ)市民文化施設

240

Sa labasang Kanluran (west exit) ng istasyon ng Kawasaki, matatapos na ang naglalakihang pasilidad pang-komersiyo o kalakalan nitong buwan ng Septyembre. Sa ika-limang palapag ng *La zona Kawasaki Plaza* matatagpuan ang pasilidad pang-kultura ng mga mamamayan kung saan mag-eeenjoy sa mga light music, drama sa pagbubukas nito.

600 square meters ang lawak nito at magagamit sa iba't-ibang layunin. Ang mga maliit na silid nito ay maaaring ma-okupa ng may 200 katao pati na rin ang mga silid ng pag-pupulong at mga silid-bihisan. Sa pamamagitan ng natatanging ayos at pagkagawa nito, inaasahang mapapakinabangan ito ng lahat maging propesyonal man o amatyur. Magagamit din ito ng mga performers ng kahit na anong kategorya gaya ng Jazz, light music, drama/play, entertainment sayaw at ibapa.

Ang Kawasaki Citizen Culture Room ay inaasahang maging “pintuan sa tagumpay” ng mga kabataan at mga mamamayang may kinalaman sa larangan ng Kultura.

Ito ay mula sa pamamahala ng Kawasaki City Cultural Association, ang Asosasyon ay binuo sa kooperasyon ng NPO 「Kawasaki Citizen Cultural Partnership」 at ito ay may pansariling plano at orihinal na paraan ng pamamahala dito.

Sa inagurasyon nito sa buwan ng Septyembre, may gaganaping seremonya ng pag-alaala kasabay nito ang dalawang buwan (Septyembre at Nobyembre) bukas ito at maaaring gamitin ng mga pangkaraniwang mamamayan bilang pasasalamat.

Para sa mga nagnanais gumamit nito, makipag-ugnayan at mag-aplay sa Kawasaki City Cultural Association sa :044-211-8107. Reception time: 10:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon maliban sa araw ng Sabado at Linggo at mga pistang opisyal.

Kurso ng Nihongo

Pang-umaga (Martes at Biyernes 10:00-12:00)

- I Abril 21-Hulyo 11 ¥11,000 (22lessons)
- II Sep.22-Dis.12 ¥11,500 (23lessons)
- III Enero12-Mar.13 ¥9,000 (18lessons)

Pang-Gabi (Miyerkoles 18:30-20:30)

- I Abril12-Hulyo12 ¥6,500 (13lessons)
- II Sep. 9-Dis.13 ¥7,500 (15lessons)
- III Enero10-Mar.14 ¥5,000 (10lessons)

TEL:044-435-7000

May problema ka? Tawag na o magsadya sa:

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki



Silid – Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

■ **Konsultasyon sa iba't-ibang Wika**

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

■ **Oras ng Konsultasyon**

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Inilathala ng Asosasyong Pandaigdig ng Siyudad ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 〒211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:http://www.bremen.or.jp/kian/